

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging Ama na maaari mong lapitan dala ang mga pangangailangan at kagustuhan mo. Pasalamatan Siya sa pakikinig sa iyo at sa pagtugon Niya sa mga panalangin mo.
- Ipanalangin ang lakas ng loob na patuloy na humingi, maghanap, at magtiyaga sa panalangin. Ipanalangin na masunod ang kagustuhan Niya habang patuloy mo Siyang hinahangad araw-araw.
- Ipanalangin na mapalakas mo ang loob ng mga kapamilya at kaibigan mong nangangailangan ng panalangin. Ipanalangin ang pagkakataon upang maibahagi sa kanila ang paglapit sa Diyos bilang Kanyang mga anak.

NOTES

WARM-UP

- Nagugustuhan mo ba kapag humihingi ka ng tulong? Bakit?
- Magbahagi tungkol sa isa sa mga libangan mo. Bakit patuloy mo itong ginagawa?
- Ibahagi ang isang kuwento na nagpapakita kung paano mo nakuha ang isang bagay dahil naging matiyaga ka sa ginagawa mo o sa paghingi mo para dito.

WORD

⁷“Humingi kayo sa Diyos, at bibigyan kayo. Hanapin ninyo sa kanya ang hinahanap ninyo, at makikita ninyo. Kumatok kayo sa kanya, at pagbubuksan kayo. ⁸Sapagkat ang lahat ng humihingi ay nakakatanggap; ang naghahanap ay nakakakita; at ang kumakatok ay pinagbubuksan.” MATEO 7:7,8

(Basahin din ang **MATEO 7:9-12.**)

Sa unang pagkakataon, ibinigay ni Jesus sa Pangaral sa Bundok ang kaisipan ng paglapit sa Diyos bilang ating Ama, nang may lakas ng loob bilang Kanyang mga anak. Kapag tayo ay nananalangin, hindi natin kinakailangang makipagtawaran sa Diyos, o kaya ay gumawa ng anumang bagay kapalit ng sagot Niya. Bagkus, hinikayat ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na lumapit sa Diyos na kanilang Ama, magsumikap sa panalangin, at kumilos nang may pananampalataya.

1 Lumapit sa Diyos bilang ating Ama.

“Humingi kayo sa Diyos, at bibigyan kayo. . . .” **MATEO 7:7**

Tinanong ni Jesus ang mga nakikinig kung bibigyan ba ng isang ama ang kanyang anak ng bato o ahas kung hihingi ito ng tinapay o isda. Ganap na naintindihan ng lahat na buong tiwala na hihingi ang anak sa kanyang ama ng pagkain, at na gugustuhin itong ibigay sa kanya ng kanyang ama. Pinagtibay ni Jesus na *ibibigay Niya ang mabubuting bagay sa mga humihingi sa Kanya*. Ano ang ibig sabihin ng buong tiwala na paglapit sa Diyos bilang Kanyang mga anak para sa ating mga pangangailangan at kagustuhan?

2 Magtiyaga sa panalangin.

“Sapagkat ang lahat ng humihingi ay nakakatanggap; ang naghahanap ay nakakakita; at ang kumakatok ay pinagbubuksan.” **MATEO 7:8**

(Basahin din ang **LUCAS 18:1-8**.)

Masigasig tayong nananalangin sa Diyos dahil alam nating umaasa tayo sa Kanya para sa lahat ng bagay, at sinasagot Niya ang mga ito ayon sa kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Sa pahayag na ito, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na patuloy na humingi, maghanap, at kumatok sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Nangangahulugan ito na dapat tayong maglaan ng mas maraming oras sa pag-alam ng kagustuhan Niya at ng mga bagay na gusto Niyang baguhin sa ating buhay. Sa talinghaga, inilarawan ni Jesus ang *masamang hukom* na tumugon sa hiling ng *masigasig na biyuda*. Mayroon ka bang masigasig na ipinapanalangin sa Diyos, na sinagot na Niya? Magkuwento tungkol dito.

3 Kumilos nang may pananampalataya.

“Gawin ninyo sa inyong kapwa ang gusto ninyong gawin nila sa inyo. Ganyan ang tamang pagsunod sa Kautusan ni Moises at sa mga isinulat ng mga propeta.” **MATEO 7:12**

Ibinigay ni Jesus ang buod ng kanyang mensahe tungkol sa paghingi, paghanap, at pagkatok sa pamamagitan ng paggabay sa Kanyang mga disipulo na kumilos nang may pananampalataya. *Gawin ninyo sa inyong kapwa ang gusto ninyong gawin nila sa inyo*. Ang pagtulong at pagbibigay sa mga nangangailangan ay pagkilos nang may pananampalataya at pagkilala sa Diyos bilang ating Ama na nagnanais at may kakayahan na ibigay ang ating hinihingi habang hinahangad natin ang Kanyang kagustuhan at nagpapatuloy sa panalangin. Paano tumutugon ang Diyos sa mga masigasig na kumakatok sa pananampalataya? (Lucas 18:7,8)

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na maaari kang lumapit sa Diyos, dala ang iyong mga pangangailangan at kagustuhan, bilang Kanyang anak? Ngayong linggo, paano ka magkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa Diyos bilang iyong Ama?
- Paano ka makakapaglaan ng mas maraming oras sa panalangin at paghahangad ng kagustuhan ng Diyos sa buhay mo? Paano magiging bahagi ng araw-araw mong pamumuhay ang matiyagang panalangin at masigasig na pananampalataya?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na kailangang maging buo ang pagtiwala na humingi, maghanap, at kumatok sa panalangin? Paano mo mapapalakas ang kanyang loob at magagawang manalangin kasama niya ngayong linggo?